From November 2018 up to now, November 2019, one year has passed, this issue is still pending, which we all know will seriously affect the interest of our constituents. The government should act on this. We, as lawmakers, should act on this because, in all ways, this will benefit the Filipino electric consumers. Definitely, this 10-year period ended on January 15, 2019, and based on NGCP’s audited financial statements, the corporation declared a total cash dividend of P169.893 billion in the past nine years.

Sa makatuwid, humigit kumulang na apat na billion kada taon in stock dividends ang nawawala sa mga Pilipino mula sa pagkakaantala na ito ng NGCP. Ang interes ng publiko, na dapat nating inaalagaan at pinapahalagahan, ang nakasalalay sa mga pagkakaantala na ito.

Mr. Speaker, and my distinguished colleagues, imagine where these billions could go if the IPO of the NGCP has not been delayed. Imagine if these billions that deprived the Filipinos for ten long years would be allotted back to our constituents. A lot more implemented projects and subsidized developments could have occurred if only the NGCP had an IPO in those years. We need to keep in mind that the NGCP operates the Philippines’ power transmission network for 25 years.

As public servants and Representatives of the people who gave this entity the franchise to exist and in return, with this condition of Initial Public Offering, we must be united in making sure that the law is faithfully executed, that their obligation has been acted accordingly, and that their mandated statutory requirement to offer at least 20 percent of its outstanding capital stock to the public was devotedly complied with.

Mr. Speaker, and fellow House Members, I thank you for the opportunity to present and profess my thoughts in advocating against this IPO delay of the NGCP.

May God continue to bless our beloved country, the Republic of the Philippines.

Maraming salamat po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). The Majority Leader is recognized.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, I move that the speech of Hon. Presley C. De Jesus be referred to the Committee on Rules for its appropriate action.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). Is

there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, I move that the Gentleman from the Third District of Camarines Sur, Hon. Gabriel H. Bordado Jr., be recognized to avail of the Privilege Hour.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). Hon. Gabriel H. Bordado Jr. is recognized.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. BORDADO

REP. BORDADO. Thank you, Mr. Speaker.

Mr. Speaker, just before Vice President Maria Leonor “Leni” Gerona Robredo made her decision last November 5, 2019, majority of her allies were trying to convince her that the Presidential offer was a trap and meant to put her in a very humiliating position. Yet, in a move which triggered veritable shock waves in the national political arena, Vice President Robredo accepted President Rodrigo Duterte’s challenge for her to lead the so-called war on drugs.

Mr. Speaker, in the banner headline story of a major national daily, the Vice President was quoted as saying that “she intended to curb drug killings and to hold accountable not only drug smugglers, large-scale traffickers and ‘ninja cops’ who recycled illegal drugs, but also those behind rights abuse in waging the war.”

She virtually dismissed, Mr. Speaker, the warning made by her allies by stating that “I am ready to bear all of these because if I can save one innocent life, my principles and heart are telling me I should give it a try.”

Mr. Speaker, the Vice President’s new position as co-chair of the Inter-Agency Committee on Anti-Illegal Drugs does not come without challenges. The drug problem faced by the country has grown with such ferocity that eradicating it would be extremely tough even for a leader with the steeliest resolve. It is not a job where the solution comes neatly boxed and tied with a ribbon just after a couple of months. Neither is it a challenge that the President or the Vice President must face alone. It is a burden all the elected and appointed officials of the country must take on, regardless of their views and affiliations. We must learn to look at this not as opposing sides waiting for the others to fail, but as one unified government looking to overthrow the real enemy, the drug crisis that is ravaging and destroying the lives of our citizens.

Mr. Speaker, this new opportunity under the Vice President’s leadership means that we should all learn to accept that violence, murder and fear only work up to a certain extent and that they do not resolve the

deeply rooted problem of illegal drug dependence in the country. Quick fixes might provide the people with a sense of action and resolution, but, Mr. Speaker, if we are to find a sustainable solution to the drug crisis gripping the nation, then we must dig deep into the monstrous heart of the issue and start there.

In her acceptance speech, Mr. Speaker, Vice President Leni Robredo made the right first move when she asked that she and President Rodrigo Duterte should work together to solve the drug problem in the country. We, too, should put aside our hesitations and whatever reservations we might have to help in resolving the crisis.

In accepting the position offered to her, Vice President Robredo showed that she is serious about taking on the great responsibility. It is not just for show and her actions are not just for her own aggrandizement. It is a call for us to do the same. Mr. Speaker. As the Presidential spokesman declared, “Her success is our success, and her failure will be our failure. I do not think we would want that.”

Thank you very much, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). The Majority Leader is recognized.

REP. TADURAN. Mr. Speaker, I move that the speech of Hon. Gabriel H. Bordado Jr. be referred to the Committee on Rules for its appropriate action.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. TADURAN. Thank you, Mr. Speaker. At this point, I now move that the Gentleman from the Party-List BAYAN MUNA, Hon. Carlos Isagani T. Zarate, be recognized to avail of the Privilege Hour.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). Hon. Carlos Isagani T. Zarate is recognized.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. ZARATE.

REP. ZARATE. Maraming salamat, G. Ispiker.

G. Ispiker, noong nakaraang Miyerkules at Huwebes, ika-6 at ika-7 ng Nobyembre, kasama ang Kinatawang ito sa isinagawang National Fact-Finding and Solidarity Mission na pumunta sa Bacolod City. Ang nasabing mission ay dagliang tugon sa mga nangyaring joint police and military raids sa iba’t ibang mga opisina at residensya ng mga miyembro ng mga progresibong grupo sa mga siyudad ng Bacolod at Escalante noong ika-31 ng Oktubre na nagresulta din

sa walang basehang pagkahuli at pagkakulong ng 57 katao mula sa mga nasabing dalawang siyudad.

Napag-alaman sa aming fact-finding, G. Ispiker, na may pitong search warrants ang inimplementa ng mga pulis at militar. Apat dito ay sa siyudad ng Bacolod at tatlo naman sa Escalante, at lahat ng mga warrant na ito ay nilagdaan at inilabas ni RTC Quezon City Executive Judge Cecilyn Burgos-Villavert.

Naiulat din sa amin ang maraming paglabag sa karapatang pantao na ginawa ng mga miyembro ng raiding team sa aming mga kasamahan na hinuli sa panahon nang sila ay ni-raid, ang mga nabanggit kong opisina, at ng mga panahong sila ay hinuli na at dinala sa Negros Occidental Police Provincial Office kung saan sila ay nakaditene.

Lumabas ang ganitong halos magkaparehong eksena sa isinagawang mga pag-raid sa mga opisina nabanggit. Sa bigla at mabilisang pagdating ng mga kapulisan at militar, hinuli, dinala sa labas, o hindi kaya ay pinadapa agad ang nadatnan nilang mga tao sa lugar na kanilang ni-raid. Habang nasa labas o nakadapa ang kanilang mga hinuli ay may mga pumasok kaagad na mga nakamaskarang mga armado na kasama rin ng pulis at militar. Pagkatapos ng ilang sandali, saka pa lamang pinayagang pumasok muli o pinatayo ang mga hinuli at dinala sa loob ng mga opisina at ipinakita ang mga umano'y baril at eksplosibong kanilang nakita sa iba't ibang bahagi ng mga ni-raid na opisina at bahay.

G. Ispiker, ang mga paratang na ito sa aming mga kasamahan ay isang malaking kabalintunaan at kasinungalingan. Tahasan kong sinasabi na ang mga umano'y baril at eksplosibo o bomba na nakita sa mga opisina at bahay na ni-raid ay pawang mga itinanim at gawa-gawa lamang ang mga akusasyon na sila ay mga rebelde na nag-training daw sa mga nasabing mga lugar.

Malaking kasinungalingan dahil ang mga opisina ng ni-raid, halimbawa, ang aming regional office ng BAYAN MUNA ay isang publicly known na opisina na sa araw-araw ay bukas sa kahit sinuman, maging sa mga miyembro ng media na madalas pumupunta at nagsasagawa ng interview sa mga opisina ng iyon.

Sa katanayan, G. Ispiker, noong araw na ni-raid nila ang mga opisina ng ito, ang opisina ng BAYAN MUNA at ng Kilusang Mayo Uno, mayroong 21 mga manggagawa ng Ceres bus ang naroon dahil sa isang konsultasyon na ginawa nila sa KMU tungkol sa kanilang mga sitwasyon sa paggawa. Kasama rin sila sa mga walang batayang hinuli. Noong araw ding iyon, may mga kabataan ding miyembro ng cultural group, ang Teatro Obrero, na nasa loob din ng compound na nagsanay para sa isang pangkulturang palabas. Kasama rin sila sa mga hinuli na malisyosong tinawag na "child warriors" daw kaya sila ay hinuli.

Ipinabot din sa amin ang mga ginawang pananakot, pagbabanta at iba pang tipo ng psychological warfare or psychological torture sa mga hinuli nang sila ay dinala na sa Negros Occidental Provincial Police Office or NOPPO. May mga interogasyon na ginawa. Ang iba ay sa madaling-araw na walang kasama o assistance ng abogado ang mga hinuli na pilit na pinapaamin na sila ay mga miyembro ng rebeldeng NPA. Ngunit ang mga natuklasan at napag-alaman naming ito na mapaglabag sa karapatang pantao ay hindi pa nasasapat dahil kahit na ang pagbisita sa kanila ay ipinagkait din ng mga kapulisan na may hawak sa kanila.

Mga bandang alas dos y medya ng hapon noong Miyerkules, ilang miyembro ng fact-finding mission at mga kaanak ng mga nakakulong ay dumating sa NOPPO or Negros Occidental Provincial Police Office sa Bacolod City. Kabilang po sa mga pumunta rito, G. Ispiker, ay ang Kinatawang ito, si Rep. Arlene Brosas ng GABRIELA Women's Party, mga dating Kinatawan na sina Neri Colmenares, Teddy Casiño, Rafael Mariano at Ariel Casilao. Ang layunin sana ng aming grupo, maliban sa plano naming dalawin ang mga nakakulong naming mga kasamahan, ay magbigay sana ng courtesy call sa mga opisyal ng nasabing police command partikular kay Col. Romeo Baleros, ang Provincial Director at ang kanyang assistant na si Lt. Col. Adrian Accolado. Maliban sa courtesy call, gusto na rin sana namin nang mga oras na iyon na ipa-receive o ipatanggap na sa mga naturang opisyal ang Resolution ng Inquest Prosecutor ng Bacolod City na nag-uutos na palayain na ang 32 sa mga nakakulong dahil sa walang nakitang basehan o dahilan na sila ay ikulong at ang mga kasong isinampa sa kanila ay walang sapat na basehan. Subalit, G. Ispiker, kahit na malinaw ang aming pagpapakilala at pagpapaalam ay hindi kami pinayagan na makipagkita sa mga nasabi kong opisyal o makita man lang ang mga nakakulong na kasamahan namin. Walang masabing tiyak na dahilan kung bakit kami pinigilan sa gate ng nasabing police command na ayon sa officer-in-duty ng kampo ay kautusan ng kanilang Provincial Director na si Col. Romeo Baleros. Masaklap pa, kahit na ang mga abogado at mga kapamilya ng mga detainees ay hindi na rin pinapasok.

G. Ispiker, ito ay isang tahasang paglabag sa karapatan ng mga detainees na dalawin at kausapin ng kanilang mga pamilya at maging ng kanilang mga abogado sa loob ng oras ng dalaw. Hindi ko rin maintindihan kung bakit ayaw ng mga nasabing opisyal ng mga kapulisan, mga kapareho nating empleyado ng pamahalaan, kung bakit ayaw nilang humarap at makipagkita sa mga Kinatawang ito na nagnanais lamang na magbigay sana ng kortesiyang pagdalaw sa kanila.

Pagkaraan ng halos tatlong oras, ang aming grupo ay parang nakaditene din. Pinayagan din ang ilan sa aming pumasok, ang Kinatawang ito, si Rep. Arlene Brosas, si Atty. Neri Colmenares, at isa pang abogado

upang salubungin ang mga pinalayang 32 detainees na mga manggagawa at mga menor de edad at upang kausapin ang 11 pang hindi na pinalagay dahil sa mga gawa-gawang kaso na isinampa sa kanila, subalit, G. Ispiker, ang ginawang ito ng mga opisyal ng kapulisan ng NOPPO or Negros Occidental Provincial Police Office sa pangunguna ni Colonel Baleros ay hindi katanggap-tanggap, at atin itong mariing pinupuna at kinokondena. Nagpakita ito ng pagiging arogante ng mga nasabing opisyal ng NOPPO sa gitna ng pagkabasura ng mga kasong isinampa nila sa 32 naming mga kasamahan na kanilang ipinangalandakan pa at ipinarada sa harap ng media na mga “child warriors” daw at mga rebelde umano na nagsagawa ng training noong hinuli nila ito noong October 31. Ang ginawang ito ng mga opisyal ng Negros Occidental Provincial Police Office ay malinaw na kabahagi ng umiiral ngayon na panunupil at panggigipit sa mga miyembro ng mga oposisyon at kritiko ng kasalukuyang administrasyon partikular ang mga miyembro ng mga progresibong grupo na consistent sa pagpupuna at pagkokondena sa mga kontra mamamayan na mga programa at patakaran katulad ng mga madugong kampanya laban sa droga, corruption, rice import liberalization na pumapatay sa ating mga magsasaka, ang walang habas na pagpataw ng mga buwis, katulad ng TRAIN na nagresulta sa taas ng presyo ng mga bilihin, ang lumalalang kahirapan, ang walang pagtaas ng sahod at pension at marami pang iba.

G. Ispiker, itinuturo na sa atin ng kasaysayan na ang mga panunupil at panggigipit ay hindi ang kasagutan sa mga lehitimong hinaing, kahilingan at kahingian ng ating mga mamamayan, bagkus ang mga panunupil at panggigipit ay magiging gatong lamang sa mas matindi at lumalakas pang paglaban ng mamamayan na naghahangad ng tunay na pag-unlad at pagbabago sa ating lipunan. Kaya, ang ating panawagan, G. Ispiker, ay itigil na ang mga atake sa mga karapatan ng ating mga mamamayan. Itigil na ang atake sa mga miyembro ng oposisyon, kritiko at mga progresibong grupo. Ibasura ang gawa-gawang kaso at palayain na ang lahat ng mga biktima nito at palayain na ang lahat ng mga ditenidong pulitikal.

Maraming salamat po, G. Ispiker, at magandang hapon sa ating lahat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano.). The Majority Leader is recognized.

REP. BAUTISTA. Mr. Speaker, I move that we refer the speech of the Honorable Zarate to the Committee on Rules for its appropriate action.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. BAUTISTA. Mr. Speaker, I move that we recognize the Gentleman from the Sixth District of Manila, Minority Leader Hon. Bienvenido Abante, for his interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Hon. Bienvenido Abante is recognized.

REP. ABANTE. Mr. Speaker. Mr. Speaker, puwede po ba akong makapagtanong sa kagalang-galang na Congressman Zarate ng BAYAN MUNA ng mga ilang mga katanungan upang maging malinaw po ang mga nais nating tukuyin, Mr. Speaker?

REP. ZARATE. Isa pong karangalan G. Ispiker na ma-interpellate ng ating Minority Leader.

REP. ABANTE. Mr. Speaker, Your Honor, ilan po ba talaga ang mga hinuli ng ating mga kasundaluhan? Ilan po ho ang nakakulong at ilan po ang pinakawalan?

REP. ZARATE. Noong October 31 po, G. Ispiker, doon ho sa Bacolod, at sa Escalante 75 po—75 sa Bacolod City at dalawa naman sa Escalante or a total of 77 lahat ang hinuli. Pagkatapos ho ng ginawang inquest proceedings ng City Prosecutor’s ng Bacolod City iniutos nito na palayain na ang 32, nauna na po iyong mga minors ni-release na iyong mga minors, 15, at pagkatapos po after po ng inquest proceedings naglabas nga ng resolusyon na palayain ang 32 dahil walang basehan ang isinampang kaso sa kanila iyong illegal possession of firearms at illegal possession of explosives.

Kasama po rito sa 32 na pinalaya ay ang 21 workers ng Ceres bus company na gaya ng nabanggit ko kanina ay nandoon lamang dahil nagkaroon ng consultation sa kanilang labor problem, at 11 mga cultural workers na mga kabataan na miyembro ng Teatro Obrero. Sa kasalukuyan po 11 na lamang sa Bacolod City ang nakakulong, ang pito rito ay sinampahan ng non-bailable offenses of illegal possession of explosives and multiple possession of handguns; apat naman ang sinampahan ng kasong illegal possession of firearms kaya bailable sila. Iyong dalawa hong hinuli naman na matatanda sa Escalante City ang isinampa sa kanila ay non-bailable offense of illegal possession of explosives.

Iyon po ang nangyari ho doon na, Mr. Speaker, kagalang-galang na Minority Leader sa isa, sa Bacolod at saka sa Escalante.

REP. ABANTE. Mr. Speaker, Your Honor, nabanggit ninyo po kanina na tinatawag po silang mga child warriors. Bakit po? Ilan po ba ang mga menor de edad na mga hinuli, Mr. Speaker?

REP. ZARATE. Noong panahon po, G. Ispiker, na nag-conduct ng raid ang joint team ng PNP, CIDG at ng Army, noong pumunta ho sila sa opisina ng BAYAN MUNA, isa ho itong compound na nandoon ang opisina ng BAYAN MUNA, nandoon din po ang opisina ng Kilusang Mayo Uno at opisina rin ho ng isang cultural group iyong tinatawag na Teatro Obrero.

Noong panahon pong iyon, mayroon pong pagsasanay para sa isang pagtatanghal ang Teatro Obrero at kasama po rito ay ilang minors na mga 15 years old, mayroon hong 16 at mayroong 17 at iyong iba naman ay 18 and above. Ito po iyong tinawag na “child warriors” dahil mga minors kaya sila ho itong unang inutos ng piskalya na palayain, dahil mga minors nga sila at walang isinampang kaso sa kanila, subalit noong magkaroon na ng press conference ang pulis at militar, ito nga ang sinabi nila, child warriors na nag-training daw doon sa aming opisina bilang mga rebeldeng NPA.

Pinabubulaanan po natin ito, G. Ispiker, kagalang-galang na Minority Leader. Paano hong magtre-training ang mga NPA doon, na ang amin hong opisina is a publicly known office? Araw-araw, bukas ho ito kahit Linggo para ho puntahan ng ating mga constituents sa Negros, specifically sa Bacolod, at ito nga ay bukas, palaging pinupuntahan ng mga media, so iyon po ang kanilang justification, dahil mayroon daw hong mga nakuhang mga baril, na mga paltik, iyong iba mayroong granada.

Kaya po nabanggit ko kanina, tahasang sinasabi namin na ito ay mga itanim. Dahil ayon na rin po sa ginawa nating fact-finding, ang pakikipag-usap natin sa ating mga kasamahan na nandoon noong ginanap ang raid ay talaga hong parang blitzkrieg ang nangyari. Dumating iyong mga armado, pinalabas sila sa compound, pinadapa, at ina-announce na lang pagkatapos na mayroon daw silang nakuhang mga baril at mga granada, G. Ispiker, kagalang-galang na Minority Leader.

REP. ABANTE. Mr. Speaker, Your Honor, iyong lugar kung saan sila hinuli ay hindi lamang isang pampublikong lugar kung hindi ang mga naroon po ay mga ligal na political organizations. Hindi po ba?

REP. ZARATE. Tama po, ang BAYAN MUNA po ay isang ligal na organisasyon. Ang KMU ay isang labor center na kilala na. Ang isa pong ni-raid din nila na opisina, ang National Federation of Sugar Workers—dekada ‘80 pa po ay kilala na ang NFSW na talagang nakikipaglaban para sa interes ng mga magtutubo, lalong-lalo na sa mga manggagawa ng tubo, na ni-raid din nila, at ang isa pa pong ni-raid ay opisina rin ng GABRIELA Women’s Party, ang organisasyon ng GABRIELA, na isa ring kilalang organisasyon. At ang pang-apat ho rin na ni-raid nila sa Bacolod

ay ang residensiya ng aming Regional Coordinator, na kilala rin sa kanilang subdivision na nakatira roon as a peaceful citizen, although, siya ay isang kilalang aktibista at hindi naman niya ito itinatago dahil hindi naman ho natin ikinakahiya, at hindi niya ikinakahiya na siya nga ay isang aktibista, pero iyon po, sinabi rin nila na ito raw ay kanlungan or underground house ng mga rebeldeng NPA, G. Ispiker, kagalang-galang na Minority Leader.

REP. ABANTE. Mr. Speaker, wala na po tayong Anti-Subversion Law. Iyon po ang gusto kong tukuying maigi, wala na po tayong Anti-Subversion Law. At gusto ko rin pong sabihin, Mr. Speaker, na kailangan po natin ng aktibong activism dito sa ating bansa, na hindi naman po bawal sa Konstitusyon na ang mga kabataan, kahit na ang mga katandaan, ay maging aktibista para po gisingin ang taumbayan sa ilang mga bagay na nangyayari, na alam natin na hindi po ayon sa batas at hindi po nararapat, Mr. Speaker, Your Honor.

REP. ZARATE. Tama po kayo, kagalang-galang na Minority Leader, Mr. Speaker, na-repeal na ho iyong ating Anti-Subversion Law, ang RA 1700 noong kapanahunan ng dating Pangulong Fidel V. Ramos. Very ironic, isang Heneral ng Armed Forces of the Philippines, nang maging Presidente, nakita niya na itong Anti-Subversion Law ay isang batas na sinusupil ang karapatan ng ating mga mamamayan kaya noong panahon niya ay ibinasura ito, ni-repeal ito. At kung matatandaan ninyo rin po, G. Ispiker at kagalang-galang na Minority Leader, sa kapanahunan din ni dating Pangulong Fidel V. Ramos ay naging masigla ang panunumbalik noong usapang pangkapayapaan sa gitna ng gobyerno ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines.

In fact, ang agenda ng usapang pangkapayapaan, iyong tinatawag nilang Hague Joint Declaration ay nalagdaan noong 1992, at ang unang mayor na kasunduan na nakapaloob dito sa Hague Joint Declaration ay ang Comprehensive Agreement for the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law or CARHRIHL. Ito ay nakumpleto sa panahon din ni dating Pangulong Fidel Valdez Ramos.

Kaya nabanggit ko ito dahil tama po kayo, ang mga ganitong panggigipit sa gitna ng wala na tayong batas kontra subersyon, ang mga ganitong panggigipit ay hindi po akma o tama sa isang healthy democracy. Kailangan natin ang fiscalizer o namumuna, o kahit na iyong mga aktibista dahil napakaraming reporma at pagbabago sa lipunan dahil sa aktibismo ng mga ninuno natin maging hanggang sa ngayon, kagalang-galang na Minority Leader, Mr. Speaker.

REP. ABANTE. Mr. Speaker, Kagalang-galang na Zarate, ano po ba talaga ang dahilan kung bakit hinuli

at ikinulong ang mga taong ito at pagkatapos ang ilan ay pinakawalan din? Ano po ba talaga ang dahilan? Nais pong malaman ng taumbayan ang dahilan kung bakit ang iba ay pinakawalan at ang iba ay nakakulong pa rin hanggang ngayon.

REP. ZARATE. G. Ispiker, kagalang-galang na Minority Leader, wala po kaming ibang makitang dahilan kundi ito talaga ay panggigipit at panunupil sa karapatan ng oposisyon o mga kritiko ng pamahalaan. Ang nakita po natin, dahil sa ating mga pagpupuna sa mga kontra-mamamayan na mga patakaran, iyong ating panawagan na magkaroon, halimbawa, ng tunay na repormang agraryo, magkaroon ng pambansang industriyalisasyon, itigil na ang distraksyon ng ating environment, ang displacement ng ating mga katutubo, ang mapaminsalang mga proyekto gaya ng mga dambuhalang dam at marami pang iba ay kailangang itigil na.

Ang mga adbokasiyang ito sa ating palagay ay nasasaktan din ang ilang mga sektor ng ating lipunan, lalong-lalo na ang ating security sector. Mula noon hanggang ngayon, pinipilit na ang mga progresibo at mga ligal na organisasyon at iniuugnay sa ating mga kapatid na nag-alsa o nagbitbit ng armas dahil ito iyong nakita nilang porma ng paglaban.

Sa amin pong bahagi, kagalang-galang na Minority Leader at G. Ispiker, na-recognize natin na talagang mayroong malalim na problema sa ating lipunan, kaya mayroon tayong mga kapatid na piniling mag-aklas o magbitbit ng armas in the act of rebellion. Kaya nga po sa halos higit na 50 taon o limang dekada, mayroon na sana tayong nakitang pagkakataon na magkaroon ng isang negotiated political settlement sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan, na in all candidness po, masasabi ko na mahaba na ang iniusad sa ilalim ng administrasyong ito, noong pumasok ang administrasyong Duterte sa usapang pangkapayapaan, kung saan nagkaroon ng series of formal talks between August of 2016 until February of 2017.

Sa katunayan, para sa kaalaman ng ating kagalang-galang na Minority Leader at G. Ispiker, before ibinasura ang usapang pangkapayapaan, mayroon na sana, sa aking pagkakaalam, na mga draft interim agreement para sa mga substantive agenda, kagaya ng usaping tigil putukan or ceasefire, dahil alam naman po natin na isa rin iyan sa hinahangad ng ating mga kababayan. Pero iyon nga po, pagkatapos ibasura na ang usapang pangkapayapaan nang nilagdaan ni Pangulong Duterte ang Executive Order No. 70 in December 2017, at inilabas naman ang Memorandum Order No. 32 noong sumunod na mga taon, mas lalo pang umigting ang atake sa mga miyembro ng mga progresibong grupo sa iba't ibang bahagi ng bansa, at lumundo nga ito nitong October 31 kung saan nagkaroon ng maraming paghuli sa aming mga kasamahan sa Negros.

Tinanong po ninyo kanina, kagalang-galang na Minority Leader, kung ano ba ang dahilan nang sila ay hinuli? Gaya po ng nabanggit ko, ang mga ebidensya nila ay ang mga nakita raw na mga baril at mga granada or explosives, at ang lahat ng hinuli ay mga rebelde raw. Pero ito po ang aking katanungan, kung totoong sila ay mga rebelde na nag-training, bakit iniutos ng Inquest Prosecutor na i-release ang 32 at sinabing walang basehan at walang ebidensya na sila nga ay probably may kasalanan sa isinampang kaso sa kanila? Dito, makikita po natin na talagang mahina ang kasong isinampa, at dahil ito ay mga gawa-gawa lamang, kami ay nananalig na sa darating na mga araw, sa efforts na rin po ng aming mga abogado, mababasura rin ang mga trumped-up charges laban sa aming mga kasamahan, G. Ispiker, Minority Leader.

REP. ABANTE. Doon po ako nagtataka, Mr. Speaker, kung bakit ang iba ay pinakawalan at ang iba ay nakakulong pa? Ang nakapagtataka rin, Mr. Speaker, ay ito, ang sabi po ninyo kanina na iyong mga ibang humuli ay nakamaskara, naka-mask. Sa palagay po ninyo, sila ay mga pulis o sila ay mga miyembro ng Armed Forces of the Philippines?

REP. ZARATE. Dahil po, G. Ispiker, kagalang-galang na Minority Leader, it was a joint team, kaya to our understanding, magkahalo na sila. Ang nabanggit lang nila, talagang mayroong mga nakasuot ng bonnet at ang iba naman ay hindi, lalong-lalo na ang mga miyembro ng CIDG dahil sila ang mga imbestigador at magfa-file ng kaso. Pero ang mga naunang pumasok, halimbawa, talagang forcibly pinasok ang isang opisina ng mga naka-bonnet na ayon sa witnesses at sila rin ang aming pinaghinalaan na nagtanim ng sinasabing nakuha raw na baril at explosives sa naturang mga opisina, G. Ispiker, G. Minority Leader.

REP. ABANTE. Mr. Speaker, bilang isang abogado, Kagalang-galang na Zarate, iyon po ba ang dapat na maging damit ng mga nanghuhuli? Tayo ba ay may digmaan dito sapagkat nakikita ko lang iyan sa mga pelikula, na iyong mga mersenaryo ay kapag iyan ay nang-raid ng isang lugar, mga naka-bonnet. Pero ang Pilipinas po ay isang matahimik na bansa. Sa pagkakaalam ko, parang overkill po yata ang ginawa ng mga nanghuli sa mga kabataang ito.

REP. ZARATE. Tama po kayo, G. Ispiker, Mr. Minority Leader, overkill at talagang hindi po talaga kabahagi siguro iyan ng standard operating procedure nila. Pero itong nakikita naming padron sa ngayon, pattern po sa mga hinuli nila, maging sa consultants sa usapang pangkapayapaan noon at sa iba pang mga lider ng mga progresibong grupo.

Ako rin po, sa aking karanasan bilang abogado,

bago tayo pumasok dito sa Kongreso, mayroon na rin akong kasong nahawakang ganito na eventually ay atin pong naipabasura.

Nitong mga nakaraan po, marami na ring kasong naipabasura ang ating piskalya at maging ang husgado dahil nga pagdating talaga sa trial sa korte, napapatunayan na gawa-gawa lang ang mga kaso at pati na rin ang mga ebidensya. Ang pattern po na nakuha natin, kaya sa ngayon talagang hindi na lang baril ang ebidensya kundi explosives na rin or granada or kung ano pa mang explosives dahil nga po non-bailable ito. Kung hindi man explosive, kagaya po noong isang hinuli nila sa Bacolod, isang miyembro ng alternative media na young lady broadcaster, ang itinanim sa kanya ay tatlong baril. Sa kasalukuyang batas, kapag mahigit dalawa ang nakuha sa iyong baril o kung tatlo na iyan, non-bailable na rin po. Ito ngayon ang ating nakikitang padron or pattern dahil siguro gusto nilang gipitin talaga at supilin, at habang nasa loob ka ng kulungan, siguro ang iniisip nila ay magiging ineffective ka na. Iyon po ang isa nilang pagkakamali, dahil napatunayan na rin at itinuro ng kasaysayan, ang mga ganitong gawain, hindi magpapapigil ang mamamayan kung mayroon talagang kadahilanan na magsalita, magreklamo at magpuna. Kaya kahit po sa kapanahunan ng diktator na si Marcos, libu-libo ang ikinulong pero hindi rin po napigilan ang ating mamamayan na maghanap ng tunay na pagbabago. Naipakita ng ating kasaysayan na napatalsik ang isang diktator at ang mga sumunod pang mga administrasyon na mayroon ding ginawang kontra-mamamayan na mga patakaran, G. Ispiker, Mr. Minority Leader.

REP. ABANTE. Naniniwala po ba kayo, Mr. Speaker, na ang atin pong Sandatahang Lakas at mga kapulisan ay nagbabalik sa mga panahon ng rehimeng Marcos, Mr. Speaker?

REP. ZARATE. Kung atin pong pagbabasehan ang mga nangyayari sa ngayon, hindi natin maikakaila na ang dami talagang hindi magagandang nangyayari sa mga institusyong ito. Nitong mga nakaraan sa isang pagdinig sa Senado, halimbawa, sa usapin ng kampanya sa droga, libu-libo na po ang namatay sa kampanya laban sa droga. Naging madugo ang kampanya laban sa droga pero napag-alaman natin na ang mga pulis pala mismo, iyong mga tinatawag na “ninja cops” ang naging dahilan sa recycling ng drugs.

Mayroong problema ang mga institusyong ito na ang naging resulta po, nandiyan ang malawakang paglabag sa karapatan ng ating mga mamamayan, na sa halip na sila itong mayroong mandato sa ating Saligang Batas na protektahan at respetuhin ang karapatan ng ating mamamayan, sila pa itong lumalabag. Iyan po ang isa sa pinakamataas na klase ng paglabag nang karapatan na kung sino iyong dapat naatasan na magprotekta sa atin ay sila pa ang nagiging violator sa ngayon, G. Ispiker.

REP. ABANTE. Naniniwala po ba kayo, Mr. Speaker, sa ating panahon ngayon, nabubuhay na tayo sa culture of violence, Mr. Speaker?

REP. ZARATE. Ang umiiral po talaga ngayon is that there is a state of impunity na nakikita natin dahil marami sa mga naging violators ng karapatan ng ating mamamayan ay hindi napaparusahan, mula sa mga matataas na opisyal hanggang sa ordinaryong empleyado or opisyal ng ating pamahalaan, especially our security sector. Kaya kapag nagtuluy-tuloy po ang ganitong state of impunity, kakambal nito ang violence. Gusto po sana nating mahinto na ito. Itigil ang mga pagpatay, itigil ang mga pag-atake, dahil po halimbawa sa Negros, noong mga nakaraang buwan, sa panahon ng tagtuyot na kung tawagin nila ay *tiempo muerto*, literally it is a season of death. Dahil tagtuyot, walang trabaho, namamatay. Pero nitong mga nakaraang buwan po sa Negros, talagang literally, it is a season of death dahil kaliwa’t kanan, pinapatay ang mga lider magsasaka, lider manggagawa. Kahit na isang abogado, lider noong Sagay massacre, si Atty. Ben Ramos, na aking kasamahan sa isang samahan ng mga abogado, noong nakaraang taon, a year ago, he was murdered by motorcycle riding gunmen. Nitong March ng kasalukuyang taon, sa Canlaon City, for example, isang incumbent city councilor, si Councilor Jalandoni, pinasok ng madaling araw sa kanilang bahay at pinagbabaril. Gaya ng nabanggit ko, kabahagi ito ng umiiral ngayon na isang kultura o estado na walang pananagutan. Kaya dapat mahinto na po ito, G. Ispiker, kagalang-galang na Minority Leader.

REP. ABANTE. Naniniwala po ako, Mr. Speaker, na bilang isang demokratikong bansa, mayroon tayong karapatan. Anuman ang ideyolohiya ng tao, mayroon tayong karapatan na i-express ang ating opinyon, i-express ang ating paniniwala.

Naniniwala rin po ako Mr. Speaker, na hindi dapat humawak ng baril upang magkaroon ng pagbabago sa ating lipunan. Naniniwala po ako sa kapayapaan. Palagay ko ang ating Pangulo naman ay alam niya ang kasaysayan ng ating bayan. Ang ating Pangulo ay isang matalinong tao at naniniwala po ako na nakikita niya ang kalagayan.

Naniniwala po ako na kung tutupdin lamang ng ating mga awtoridad ang sinasabi ng ating Saligang Batas, magkakaroon ng magandang kalalagayan ang ating mga mamamayan, sapagkat ang ating Saligang Batas, Mr. Speaker, nais solusyunan ang kahirapan ng tao. Naniniwala rin po ako sa sinabi ng ating kagalang-galang na Representante ng BAYAN MUNA na may mga kadahilanan kung bakit nag-aaklas ang maraming kabataan. Kinakailangan po i-address ito ng ating pamahalaan within the bounds of law. Hindi po karahasan ang kasagutan, Mr. Speaker. Hindi po blitzkrieg na pag-atake; hindi po ang pagbalik natin sa

rehimen na ang pinag-uusap ang kamay na bakal. Hindi po iyon, Mr. Speaker.

Naniniwala po ako na ngayon ang pagkakataon na ipakita natin na tayo ay civilized men at may kultura ng kapayapaan, Mr. Speaker. Nalulungkot po ako sa mga pangyayaring ito sapagkat kapwa Pilipino ang mga nag-aaway, Mr. Speaker, samantalang pinababayaan po natin ang Tsina na agawin ang ating mga isla na wala tayong ginagawa masyado. Pero walang patumangga po ang nangyayaring violence sa ating kapwa mga Pilipino, Mr. Speaker.

Sana po ang privilege speech na ito, ang pinag-uusapan natin ay malaman ng ating bayan at marinig ng ating awtoridad. Malaman din ng ating Pangulo na sincerely and honestly, nais po natin ng tunay na kapayapaan sa ating bayan. Nais po natin na ang mga mahihirap ay magkaroon ng sariling lupa; ang mga mahihirap ay magkaroon po ng sariling kinikita; na ang mga mahihirap ay mahango sa kahirapan. Iyan po ang nais natin sa ating bayan.

Alam ko na si Kagalang-galang na Zarate, iyan din po ang kanyang inaasam-asam bilang isang Kongresista, na talagang lumalaban para po sa ating mga mamamayang Pilipino, hindi po ba?

REP. ZARATE. Tama po kayo at sumasang-ayon ako sa ating kagalang-galang na Minority Leader. Bilang mga Kinatawan po dito sa Kongreso, iyan ang ating mithiin na magkaroon tayo ng pangmatagalan na katahimikan, kapayapaan na nakabase sa hustisya, matugunan na ang mahigit limang dekadang tunggalian sa ating bayan at masagot na ang ugat ng tunggaliang ito. Ito ang ugat na nagmumula sa kahirapan, ng walang hustisya at iba pang mga panlipunang problema.

Kaisa po ninyo kami at salamat sa inyong pakikiisa sa amin. Tama po, kaya tayo nandito sa Kongreso, hindi lang para magpuna. Kung titingnan po ang track record ng aming partido, ng BAYAN MUNA, kami po ang fiscalizer dito sa Kongreso. Pero nagtutulak din tayo ng mga importanteng mga reporma sa ating mga batas. Napakaraming batas na rin po ang aming ipinanukala rito at pinakikinabangan na rin ng ating mga mamamayan ngayon.

So, maraming salamat po sa ating kagalang-galang na Minority Leader sa kanyang mga katanungan, sa paglilinaw ng pangyayaring ito. Sana nga po, ang aming panawagan ay matigil ang mga ganitong karahasan. Dahil ito ay hindi, gaya ng nabanggit ko kanina, hindi ito ang tugon na ating hinahanap. Ang ating tugon na hinahanap, kaya mayroon tayong mga advocacy ay upang matugunan at ma-resolve iyong tinatawag nating “root causes of the impoverishment of our people,” the root causes why until now there is an ongoing armed conflict in our country, Mr. Speaker, Mr. Minority Leader.

REP. ABANTE. Tigilan na po natin, Mr. Speaker, ang karahasan. Tigilan na po natin, Mr. Speaker, ang mockery sa ating mga batas. Tigilan na po natin, Mr. Speaker, ang pang-aabuso ng ating mga law enforcers.

Mr. Speaker, malapit na po ang Kapaskuhan at ang isa pong napakagandang dahilan na pagdating ng ating Panginoon ay iyong sinabi po ng mga anghel, iyan po ay, “Peace on earth, goodwill towards men.”

Magandang hapon po, Mr. Speaker. Salamat po sa inyo.

REP. ZARATE. Maraming salamat at magandang hapon din po sa ating kagalang-galang na Minority Leader.

Maraming salamat, Ginoong Ispiker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). The Majority Leader is recognized.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, earlier, the speech of Representative Zarate was already referred to the Committee on Rules. Considering that there was an interpellation, we just move that the interpellation of the Minority Leader be also referred, together with the speech of Representative Zarate, to the Committee on Rules.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF SESSION

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we suspend the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). The session is suspended.

It was 6:02 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 6:14 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). The session is resumed.

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we proceed to the Additional Reference of Business.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). Is

there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General will please read the Additional Reference of Business.

ADDITIONAL REFERENCE OF BUSINESS

The Secretary General read the following House Bills on First Reading, and the Deputy Speaker made the corresponding references.

BILLS ON FIRST READING

House Bill No. 5400, entitled:

“AN ACT AMENDING SECTION 65 OF REPUBLIC ACT NO. 11260, OTHERWISE KNOWN AS THE GENERAL APPROPRIATIONS ACT OF FISCAL YEAR 2019”

By Representatives Legarda and Ungab
TO THE COMMITTEE ON RULES

House Bill No. 5424, entitled:

“AN ACT EXTENDING THE AVAILABILITY

OF THE 2019 APPROPRIATIONS FOR MAINTENANCE AND OTHER OPERATING EXPENSES AND CAPITAL OUTLAYS TO DECEMBER 31, 2020, AMENDING FOR THE PURPOSE SECTION 65 OF THE GENERAL PROVISIONS OF REPUBLIC ACT 11260, THE GENERAL APPROPRIATIONS ACT OF FISCAL YEAR 2019”

By Representative Villafuerte
TO THE COMMITTEE ON RULES

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). The Majority Leader is recognized.

ADJOURNMENT OF SESSION

REP. ROMUALDO. Mr. Speaker, I move that we adjourn the session until tomorrow, Tuesday, November 12, 2019, at three o'clock in the afternoon.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Savellano). The session is adjourned.

It was 6:15 p.m.